# HUMANITY NEWS

TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. IX No.45 October 6-12, 2025 10.00 ISSN No.: 2672-3034


## SEPTEMBER HEALTH FAIR



P.3

# Bringing Jobs Closer to Every Caviteño.


Story on p.6





*Dumalo si Mayor Alex Advincula sa paglulunsad ng Reading Center sa Barangay Magdalo katuwang ang City of Imus Public Library. Nagkaroon din ng pagbasa kasama ang mga kabataan ng Barangay Magdalo na nagbigay saya at kalaaman sa lahat. Naniniwala si Mayor Alex na sa pagpapatibay ng mga programang pang-edukasyon, mas marami tayong kabataang mahuhubog na magiging mahusay na lider sa hinaharap.*

## LINGKOD PAG-IBIG ON WHEELS ROLLS TO CAVITE




As part of the month-long celebration of Employees Month, the Lingkod Pag-IBIG on Wheels rolled down to the New Provincial Government Center in Trece Martires City, bringing services accessible and convenient to the employees, on September 23-24, 2025. Ms. Olga Jane Dabayan and Mr. Ervin Joshua Acayang gave an orientation and discussion on Pag-

(cont. P.3)



## DepEd Caravan and Tripartite MOA Signing

Dagdag suporta ni Mayor Jon-Jon Ferrer sa pagtataguyod ng kapakanan ng ating mga guro ang isinusulong ni Mayor Jon-Jon sa ginanap na Division Service Caravan at Tripartite MOA Signing para sa Extended Every Day is Teacher's Day (ETD) Program,, katuwang ang ating institutional partners. Layunin nitong patuloy na maibigay ang iba't ibang serbisyo, kabilang ang medical, educational, at livelihood support na nakalaan para sa ating mga guro. Dahil ang pasasalamat natin sa kanila ay hindi lamang dapat maramdaman tuwing Teachers' Day, kundi araw-araw!

ADVERTISE WITH US! Contact Number: 09407502964 3 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com

# SOWING SUCCESS



*Niño de Guzman, 38, a proud CARD SME Bank client and agri-preneur from General Santos City, stands on his flourishing asparagus and corn farm. It is his living testament that hard work and perseverance can turn small dreams into reality.*

In Barangay San Jose, General Santos City, lives a man whose story proves that success is not born from wealth; it is grown through hard work, faith, and perseverance. Niño de Guzman, a vocational graduate, husband, and father of three, has transformed his humble beginnings into a thriving agribusiness that not only changed his life but also uplifted those around him.

His journey from a sari-sari store owner to a successful agripreneur is a story worth telling and one that is truly inspiring.

**Humble Beginnings**

Born into a family that relied on agriculture as its primary source of livelihood, Niño was raised with a deep respect for the land and the value of perseverance. From a young age, he was immersed in farming and fishing life, helping his parents and learning how to make a living from the soil and sea. These early experiences would ultimately shape his future.

Before fully committing to farming, Niño explored various livelihood opportunities. He sold fish and engaged in multiple income-generating activities to support his growing family. For two years, he worked at an automotive company while his wife managed their modest sari-sari store. However, it was always agriculture that drew him.

With a small dream and limited capital, Niño started a modest farming venture. Over time, that small seed blossomed into a thriving agribusiness focused on high-value crops such as asparagus, sweet and purple corn, and more.

"In doing business, it's important to separate personal matters from business," Niño shares, highlighting one of the key principles that helped him succeed.

**Weathering the storms**

Agriculture, while fulfilling, is not without its challenges. Natural calamities often pose threats to crops and disrupt operations. But Niño's resilience shines in these moments. His approach is grounded in preparedness and smart financial management.

"In times of calamities, it is essential to have savings, so you have something to use when things get tough," he advises.

Through a positive mindset and a commitment to sustainable farming practices, Niño has been able to sustain and grow his business even through adversity.

A crucial part of Niño's growth was made possible with his six-year clientship with CARD SME Bank, a thrift bank under CARD MRI. With a modest loan of PHP 3,000, he reached a total of PHP 350,000, which he reinvested to improve operations and expand his agribusiness.

With the success of the business, his produce is distributed not only around General Santos City but also to markets in Cotabato, Davao, and even Manila. He now employs 15 workers and earns at least PHP 150,000 per month, a remarkable leap from where he began.

"We decided to stay consistent and committed to our business because we saw how it changed our lives," Niño reflects.

With this support, he not only uplifted his own family but also created opportunities for others in his community.

**Giving back to the community**

Today, Niño is more than just a farmer; he is a changemaker. By employing local workers and partnering with small seed producers, he plays a vital role in strengthening the agricultural economy in his area.

"As a way of giving back, we support local seed producers by buying the seeds from them, and continue to provide jobs to the local community," he says.

Looking ahead, Niño dreams of expanding his farm even further, with hopes of securing a comfortable retirement and a better future for his family. But more than that, he wants to continue planting seeds of opportunity for others that create a legacy rooted in service and success.

"To aspiring entrepreneurs, especially those starting from humble beginnings, if you don't try, you will never see success in life. Despite life's challenges, if you persevere, nothing is impossible," he concluded.

**Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite**

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

our website:
www.humanitynewsph.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**KRISTEL. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST


**ANTHONY LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.

| | |
|---|---|
| Subscription Rates: 1 year 52 Issues | = Php 520.00 |
| Legal Notices: 1 col. Per cm. rates | = Php 160.00 |
| Advertisement Rate: Per column | = Php 200.00 |



**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## PAGBABAGO NG BABAE

1. Ang batang babae'y mahilig sa laro,
Dala ang manika sa lahat ng dako,
Kung minsan kay Nanay tumulong sa luto,
Maglinis ng bahay at sa ibang dako.

2. Dumating ang oras na nais mag-ayos,
Palaging mabango't mahinhin ang kilos,
May napupusuan dalagitang bubot,
At luha lang pala ang maidudulot.

3. Pinahid ang luha at muling lumakad,
Isa pang binata yaong nakatapat,
Ngayon ay hindi na naging kulang-palad,
At napangasawa ang binatang tapat.

4. Nang dalaga pa siya'y isa nang prinsesa,
At nang mag-asawa, siya ay naging reyna,
Unti-unti siya ay nagbagong porma,
Naging emperatriz nang magka-anak na.

5. Tumibay ang loob nitong dating bata,
Naging tila muog na merong bandila,
Sa kanya pamilya ay umasang lubha
Na ang desisyon niya sa bahay ay tama.

6. Ang kanyang asawa ay nagpaubaya,
Dahil sa paghubog nitong mga bata,
Ina ang malimit kasama sa gawa,
At laging subaybay na mali'y itama.

7, Ang batang nang una'y mahilig sa laro,
Ngayon ay Lola nang mahilig magturo,
Kanyang mga apo'y kinupkop sa dako,
At sila ang sentro sa lahat ng kuro.

8. Ang isang babae'y ganyan nagbabago,
At kahit patuloy ang ikot ng mundo,
Di rin nagbabago yaong papel nito,
Babae'y babae, guro at modelo.

# Skills training ng CSWD Gentri, nagbunga ng 115 graduates



Abot 115 katao ang pormal na nagtapos noong Setyembre 29, 2025 mula sa iba't ibang kursong pangkabuhayan sa isinagawang Culminating Activity ng City Social Welfare and Development (CSWD) Training & Productivity Center.

Layunin ng programa na patuloy na palakasin ang kabuhayan at lumikha ng mas maraming oportunidad para sa mga residente ng lungsod. Kabilang sa mga kursong tinapos ng mga bagong graduates ang Integrated Food Processing, Cookery, Food & Beverage Service, Electrical Installation, Massage therapy/Hilot Wellness at Hair Care/Beauty Care. Ang mga ito ay nakatuon sa pagbibigay ng praktikal na kasanayan na maaaring magamit sa pagnenegosyo o sa paghahanap ng trabaho sa iba't ibang industriya.

Dagdag pa rito, inaasahang makatutulong ang mga natutunan ng mga benepisyaryo sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng kanilang pamilya at sa pagpapasigla ng lokal na ekonomiya.

Binibigyang-diin din ng pamahalaang lungsod na patuloy nilang isusulong ang mga programa para sa skills development at pagbubukas ng mas maraming oportunidad, lalo na para sa mga sektor na nangangailangan ng suporta upang maging handa sa hinaharap.

*Via Xenalyn Belencio*

## LINGKOD PAG-IBIG ON WHEELS... (from p. 1)

IBIG offered services, including Housing Loans and Programs, MP2 Savings Programs, and Loyalty Card. More so, the employees took advantage of the opportunity to update their records and access other Pag-IBIG membership benefits.

The Provincial Government of Cavite remains steadfast in showing compassion to its employees, who serve as the backbone of efficient public service.

# SEPTEMBER HEALTH FAIR

(from p. 1)





Idinaos ngayong araw, Setyembre 30, 2025, ang September Health Fair sa City of Dasmariñas Arena na may temang “Lingap sa Mamamayan, Yakap sa Kalusugan.” Ang aktibidad na ito ay naisakatuparan sa pamamagitan ng pagtutulungan ng Pamahalaang Lokal ng Dasmariñas at ng City Health Office sa pamumuno ni Dr. Mary Anne Barzaga.

Dinaluhan ito ni Mayor Jenny Austria-Barzaga, BM Nickol Austria at mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod bilang pagpapakita ng suporta sa mga programang naglalayong tumugon sa mga medikal na pangangailangan ng mga Dasmarineño.

# PGC Honors Senior Citizens in 2025 Provincial Elderly Week Celebration



The Provincial Government of Cavite, through the Office of the Provincial Social Welfare and Development Officer (OPSWDO), in partnership with the Provincial Council for the Elderly, successfully held the Provincial Elderly Week Celebration 2025 on September 30, 2025, at the Upper Ground Floor of the New Provincial Government Center, Trece Martires City.

With the theme centered on recognizing and empowering senior citizens, the event gathered nearly 300 participants, composed of Officers and Members of the Provincial Federation and Office of Senior Citizens Affairs (OSCA), the Military Retirees Association, and various focal persons from different Cavite localities.

The program aimed to highlight successful and innovative programs of the National Commission of Senior Citizens (NCSC) and local government units (LGUs) that uphold the rights, welfare, and active participation of senior citizens.

One of the highlights of the celebration was the Awarding of Plaques for Best LGU Program Implementers for Senior Citizens, where the municipalities of Kawit,

(cont. P.6)

HUMANITY NEWS

Vol. IX No.45

# 52 BANDA MUSIKO NA LUMAHOK SA KOMPITISYON SA BAKOOD FESTIVAL 2025











NASUNGKIT ng Banda Dos Kabataan (B2K) ng Angono Rizal bilang Grand winner sa nakaraang Marching Band Street Parade Competition sa ginanap na pagdiriwang na ika-354 Founding Anniversary sa Lungsod ng Bacoor.

Kasabay na ring nanalo at naiuwi rin ng B2K ang 2nd runner up sa Best in uniform band at best drum major at mga tropeo.

Nasa ₱100.000.00 cash na premyo ang nanatanggap ng B2K sa nasabing patimpalak.

Sinimulan ang nasabing marching parade bandang alas-5:00 ng hapon sa kahabaan ng Evangelista Road, partikular sa Maliksi sa panulukan ng Panapaan at nagtapos sa Bacoor Oval Track and Field sa Brgy Sinabanali kung saan itinuloy ang kasiyahan at pagtatanghal

Taon taong ipinagdririwang ng lungsod ng bacoor ang BAKOOD Festival na dinarayo ng mga karatig bayan at lalawigan ang Bacoor City na tinaguriang Marching Band Capital of the Philippines dahil sa kanilang taunang kompeteisyon na nilalahukan ng mga banda sa iba;t-ibang lungsod at bayan upang ipakita ang kanilang galing sa pagtugtog ng kanilang banda , mga makukulay. na kasuotan at pag-indak ng mga majorettes. Sa taong ito ay may 52 mga kalahok na banda.

Nagtapos ang pagdiriwang ng isang makulay na fireworks.

Narito ang kumpletong lstahan ng mga nanalo :

SPECIAL AWARD
Best Uniform band

3rd -The Dragons of the Cabiao Youth Concert Band 88, Nueva Ecija
2nd -Banda Dos Kabataan (B2K) Angono Rizal
1st - Banda Maliksi Uno 45 Inc

Best drum major -Banda Dos Kabataan (B2K) Angono Rizal

Best Majorettes -The Dragons of the Cabiao Youth Concert Band 88, Nueva Ecija
Best color guard - San Lorenzo Ruiz Band 2003 Inc.
Best Music - San Lorenzo Ruiz Band 2003 Inc.,
Most Discipline Band - Music Foundation Band of Dasmariñas
4th runner up- Banda Maliksi Uno 45 Inc
3rd Runner up - Angono Wind Ensemble

2nd Runner up - San Lorenzo Band 2003 Inc
1st Runner up - Magdalo Band (The Original Kawit Band)
Champion - Banda Dos Kabataan (B2K) Angono Rizal.

**( M A R G I E BAUTISTA)**



## FAMOUS PERSONALITIES

***BY***

***NICO & NIELSEN BAUTISTA***

**GUGLIELMO MARCONI -** Siya ay isang Italyanong inhinyero na umimbento ng wireless telegraphy noong 1896. Siya ay binawian ng buhay noong 1915.



## LET THERE BE LIGHT!

**By**

**ENG'R. VER CAMPAÑA BAUTISTA**

*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**PARADAHAN -** Ang Paradahan sa Tanza ay may kahulugan sa Ingles na terminal.

# EPAHP MARKETING AGREEMENT SIGNING CEREMONY








Pinangunahan ni Mayor Rommel Magbitang ang makabuluhang paglagda ng kasunduan sa pagitan ng Palangue Agrarian Reform Cooperative (PARC) at Lokal na pamahalaan ng bayan ng Naic, katuwang ang National Irrigation Administration (NIA) at Department of Agrarian Reform (DAR). Dumalo rin ang DAR representatives at MSWDO Head na si Christina Ilagan. Naganap ang pagtitipon upang higit pang mapalakas ang programang Enhanced Partnership Against Hunger and Poverty (EPAHP).

Binigyang-diin ni Mayor Rommel Magbitang na ang malnutrisyon ay isa sa pinakamalaking hamon sa CALABARZON, at ang kasunduang ito ay malaking tulong para sa bawat Naicqueño. Nagpaabot din siya ng pasasalamat sa lahat ng katuwang na ahensya at sa mga magsasaka na patuloy na nag-aalay ng suporta para sa mas masustansyang kinabukasan ng Bayan ng Naic.

Kasabay nito, tiniyak ng DAR ang patuloy na pagtulong sa pagbibigay ng lupang sakahan at sa pag-market ng ani ng mga lokal na magsasaka, na ngayo'y direktang naipapasok bilang tulong sa mga pamilyang Naicqueño. Ang hakbanging ito ay isang konkretong patunay na sa Bayan ng Naic, lahat ay sama-sama para sa mas ligtas, masustansya, at mas maliwanag na bukas.

***Municipality of Naic***

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Asparagus bilang halamang gamot



***Scientific name: Asparagus officinalis Linn.; Asparagus polyphyllus Stev. Common name: Asparagus (Tagalog), Asparagus (Ingles)***

Ang asparagus ay kilalang-kilala na gulay na kinakain ng mga Pilipino. Ang halaman ay maliit lamang na may maliliit at mala-kaliskis na mga dahon at maliliit na bilog na bunga. Karaniwan itong tumutubo sa mga malalamig na bansa sa Europa. Sa Pilipinas, ito ay makikita sa matataas na lugar tulad ng Benguet at Baguio.

Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Asparagus?

Ang iba't ibang bahagi ng halamang asparagus ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang ugat ng asparagus ay makikitaan ng ilang mga substansya at kemikal gaya ng sugar, gum, albumen, chloride, acetate at phosphate of potash, malates, at iba pa.

Ang bunga ay may taglay na grape-sugar at sparagancin.

Ang buto ay kinukuhanan ng langis, aromatic resin, sugar, at spargin.

Sa dahon naman, makakakuha ng amino acids at ilang mga inorganic na mineral

Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

Ang buong halaman ng asparagus ay ginagamit bilang halamang gamot. Karaniwang pinakukuluan ang buong halaman at iniinom ang sabaw.

Ano ang mga sakit na maaaring magamot ng Asparagus?

1. Rayuma. Kadalasang ginagamit ang katas ng halaman para ipanggamot sa pananakit ng mga kasukasuan dulot ng rayuma. Maaaring pakuluan ang halaman at ipainom ang pinaglagaan nito.

2. Tuberculosis. Ang ugat ng halamang asparagus ay ginagamit ding panglunas sa karamdamang tuberculosis.

3. Hirap sa pag-ihi. Mabisa ring panglunas sa hirap sa pag-ihi ang pag-inom ng pinaglagaan ng ugat ng asparagus.

4. Pamamanas o gout. Ang pinakuluang gulay na asparagus ay mabisang panglunas din sa pamamanas at gout sa ilang bahagi ng katawan.

5. Cancer. May ilang pag-aaral din ang nagsasabing may taglay na ilang mga sustansya na makapagpapaliit o makakabawas ng pagkalat ng cancer cells sa katawan.

6. Pananakit ng ngipin. Sa ibang lugar, sinusunog ang ugat ng asparagus at pinapaamoy sa taong nakararamdam ng pananakit ng ngipin.

7. Hirap sa pagdumi o pagtitibi. Ang ugat ng halaman ay karaniwang ginagamit din para padaliin ang pagdudumi.

8. Hang over. Nakatutulong ang pag-inom ng pinaglagaan ng asparagus at pagkain ng mismong gulay nito sa pagbawas ng epekto ng alak sa katawan.

## PGC Honors Senior Citizens... (from p. 3)

Maragondon, General Emilio Aguinaldo, and General Mariano Alvarez (GMA), along with the cities of Imus, Carmona, Bacoor, Trece Martires, and General Trias, were recognized for their outstanding initiatives benefiting the elderly sector.

The program also featured presentations from partner agencies and resource speakers. Ms. Lynn Andrea P. Escobar of the OPSWDO discussed the various programs and services available for Caviteño elderlies, while Ms. Levita S. Aderez, Focal Person of the National Commission of Senior Citizens (NCSC), provided updates on national programs and services for Filipino senior citizens. Meanwhile, Ms. Edelyn V. Rodil, Social Insurance Officer II, shared insights on PhilHealth Yakap, highlighting program updates and service enhancements designed to further support the needs of the elderly sector. To further promote the health and well-being of senior citizens, a Health Services Caravan was conducted, offering free medical consultations, maintenance medicines, vitamins, and pneumococcal vaccines to participants.

The Provincial Elderly Week Celebration reaffirmed the Provincial Government of Cavite's commitment to honoring and supporting the elderly sector by promoting inclusive programs, recognizing exemplary initiatives, and ensuring their continued well-being and active participation in community development. ***Cavite Provincial Information Office***

## Bringing Jobs Closer to Every Caviteño... (from p. 1)

The Provincial Government of Cavite, through the Office of the Provincial Public Employment Service Manager (OPPESM), rolled out the Cavite Career Caravan in General Mariano Alvarez on September 25, 2025, opening 7,503 job vacancies for Caviteños. A total of 277 jobseekers took part in the fair, with 35 hired on the spot (HOTS).

The event gathered 41 employers — 37 local and 4 overseas — together with nine national agencies including Social Security System, Philippine Health Insurance Corporation, Pag-ibig Fund, Philippine Statistics Authority, TESDA, Bureau of Internal Revenue, Department of Trade and Industry, Overseas Workers Welfare Administration, and the Office of the Provincial Legal Officer, which provided free legal cliniquing. With the support of Vice Mayor Percival Cabuhat and the leadership of Ms. Rizalie Pinpin-Enero and her OPPESM team, the caravan underscored the provincial government's drive to bring jobs, services, and opportunities closer to every Caviteño community.










*Pagbati sa ating Punong Lungsod na si Mayor Dahlia A. Loyola na kinilala bilang isa sa mga Most Outstanding Local Chief Executive (LCE) at National Police Commission (NAPOLCOM) Deputized Officer. Ang pagkilalang ito ay iginawad sa Culminating Activity ng 31st National Crime Prevention Week (NCPW) at 59th NAPOLCOM Founding Anniversary noong Setyembre 25, 2025 sa Monochrome Events Place, Nuvali, Sta. Rosa City, Laguna.*

*Ang pagkilalang ito ang sumasalimin sa patuloy na pagbibigay halaga ng Lokal na Pamahalaan para sa seguridad at proteksyon ng mga mamamayan sa Lungsod ng Carmona. Congratulations po, Mayor Dahlia!*




*Ginawaran ang Sangguniang Kabataan (SK) Federation ng Lungsod ng Imus sa pangunguna ni SK Federation President Glian Ilagan ng SK Pederasyon Achievement Seal Award sa 3rd Cavite Gawad Pawid Awards ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite nitong Sabado, Setyembre 27, 2025, sa lungsod ng General Trias.*

*Ang pagkamit ng Achievement Seal Award ay patunay sa masigasig na pagpapatupad ng mga programang pangkabataan, matatag na ugnayan ng mga SK sa 97 barangay sa Imus, at epektibong pamumuno ng Imus SK Federation.*




# PGC Brings Free Medical and Dental Mission to Dasmariñas City Cavite





A total of 600 residents of Barangay Sampaloc II in the City of Dasmariñas benefitted from the Medical and Dental Mission spearheaded by the OPG-Medical Mission Team on September 30, 2025.

Health services were provided by the dedicated health professionals of General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital (GEAMH), including medical consultations for 507 patients, dental services for 76 individuals, and 17 x-ray procedures.

To further support the health and well-being of the community, free prescribed medicines and vitamins were also distributed to the beneficiaries. The initiative reflects the continued commitment of the Provincial Government to deliver accessible healthcare services and promote the welfare of Caviteños.



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA (TWIN BROTHER OF VER)

## HUMANITY TRIVIA

(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)

Electric generator - 1831

Refrigerator - 1834

Coffee - Africa

Cotton - America

Kangkong - toxemia

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com
our website:
www.humanitynewsph.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan,
Silang, Cavite

Vol. IX No.45

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
Vol. IX No.45 Oct.ober 6-12, 2025 P10.00

# DO YOU KNOW ?

*James I was the first English monarch to use the fork.*


**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY
Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**

# Imus LGU, kabilang sa Highly-Functional LCAT-VAWC sa isinagawang assessment ng DILG Region 4-A




Isang makabuluhang pagkilala ang muling tinanggap ng Pamahalaang Lungsod ng Imus matapos mapabilang sa 94 Local Government Units sa CALABARZON na nakatanggap ng Highly Functional Rating sa 2025 Local Committee Against Trafficking and Violence Against Women and Children (LCAT-VAWC) Functionality Assessment para sa taong 2024 na isinagawa ng Department of the Interior and Local Government.


Ang pagkilalang ito ay patunay sa masigasig at sistematikong pagtugon ng lokal na pamahalaan sa laban sa human trafficking at karahasan sa mga kababaihan at kanilang anak.

*(City Government of Imus)*




*Ganap ng napasimulan ang Limang Araw na General Virtual Assistance Training nitong Lunes, Setyembre 29, sa bagong bukas na Digital Transformation Center (DTC) sa Ciudad De Strike Multipurpose Building, Brgy. Molino 1.*

*Ang DTC ay magkatuwang na pinasinayaan noong Setyembre 15 ng City Government of Bacoor at ng Department of Information and Communications Technology. Kaalinsunod ng pagbubukas ng DTC sa Bacoor, ay ang pagkakaroon ng libreng pagsasanay na maging virtual assistant, na isa sa mga in-demands at lumalaking industriya sa panahon ngayon.*





*Sa kagustuhan ni Mayor Strike B. Revilla na makapagbigay ng hanap-buhay sa mga Bacooreño, hiniling nya sa DICT na muling magsagawa ng libreng pagsasanay sa virtual assistance at mabigyan ng oportunidad ang mga trainees na maihanda ang kanilang sarili sa pagpasok sa larangan ng digital economy, at posibilidad na makakuha ng mga kliyente sa kanilang pagtatapos ng training.*

*Taos-pusong pasasalamat sa mga DICT Training Facilitators na sina: Sir Dennis Paguio (Tubong Bacoor na isa ring GVA trainee noon ng City Government, at ngayon ay isa na sa mga magagaling na GVA trainors sa ating bansa.), ang mga kinatawan ng DICT Cavite, sina Engr. John Philip Tan, Engr. Adrian Barrera at Engr. John Vandrick Diaz.*

*Mula sa E-Governance Department at Bacoor Computer Center, maraming salamat at Mabuhay po kayo!*

*City Government of Bacoor*

